

5

Ang pagkakaroon ng pananampalataya ay nangangahulugan ng pagtitiwala kay Cristo bilang Tagapagligtas.

Halimbawa, nalulunod ka. At may naghagis sa iyo ng salbabidang nakatali sa lubid. Hindi mo ba ito papansinin? Itatapon mo ba ito? Siyempre hindi. Kakapitan mo ito. Ilalagay mo ang iyong sarili dito. Magtitiwala ka na kaya ka nitong dalhin. Ganyan nga ang pananampalataya. Kinakailangang ilagay mo ang iyong pagtitiwala sa iba bukod sa iyong sarili. Ilagay mo ang iyong tiwala at pag-asa sa Panginoong Jesus, at ikaw ay maliligtas.

Naniniwala kang sinabi nga ni Jesus na *“binding-hindi ko itataboy kailanman ang sinumang lumalapit sa akin”* (Juan 6:37 RTPV). Ngunit lumapit ka na ba sa Kanya? Naniniwala ka na *“ang lahat ng tumanggap at sumampalataya sa kanya ay binigyan niya ng karapatang maging mga anak ng Diyos”* (Juan 1:12 RTPV). Ngunit tinanggap mo na ba Siya? Maaari mong paniwalaan na totoo ang lahat ng ito, ngunit kinakailangan mong gumawa ng hakbang patungkol sa iyong paniniwala upang ikaw ay maliligtas.

Kaibigan, kung ikaw ay lalapit kahit ano ka pa man, nang walang pagkukunwari, kahit pa mayroon kang mga katanungan at suliraning pang-intelektuwal, kasama ang lahat ng iyong mga alinlangan at mga pangamba, at, oo, kasama din ang lahat ng iyong mga paniniwala—kung lalapit ka lamang sa Kanya at tatanggapin si Jesu-Cristo bilang iyong Tagapagligtas, ikaw nga ay maliligtas. At pagkatapos ay susunod na rin

ang iyong kaisipan sa iyong puso, at magkakaroon ng linaw ang mga bagay na noon ay hindi lubos na maliwanag sa iyo.

Ang hinihiling lamang ng Diyos mula sa iyo ay ang tanggapin ang Kanyang Anak bilang iyong sariling Tagapagligtas. Kung ito ay iyong gagawin, ang mga lumang bagay ay mawawala na at ang lahat ay magiging bago na. Kaya nga, *“pumili kayo ngayon kung sino ang inyong paglilingkuran”* (Josue 24:15 RTPV). Gagawin mo ba ito? Kung gayon, gawin mo na, at gawin mo ito — NGAYON.

(Hango kay Oswald J. Smith)

PANALANGIN

Ama naming nasa langit, alam ko po na ako ay nagkasala at nangangailangan ng Inyong kapatawaran. Naniniwala ako na namatay ang Inyong Anak na si Jesu-Cristo sa krus para sa akin. Nakahanda po akong magsisi at talikuran na ang aking mga kasalanan. Buong pananampalataya ko pong inaanyayahan ngayon ang Panginoong Jesus na pumasok sa aking puso at buhay bilang sarili kong Tagapagligtas. Nakahanda po ako ngayon, sa Inyong tulong at biyaya, na sumunod kay Jesus bilang Panginoon ng aking buhay. Amen.

Para sa karagdagang tulong pang-espirituwal o dagdag na sipi ng babasahing ito, maaaring sumulat sa:

SOWERS OF THE WORD MINISTRIES
PO BOX 1074, Makati Central
Post Office

5 HAKBANG NG

PANANAMPALATAYA



5 HAKBANG NG

PANANAMPALATAYA

Ano ang ibig sabihin ng pananampalataya? Ang sabi sa Salita ng Diyos, “*Sumampalataya ka sa Panginoong Jesus, at maliligtas ka*” (Gawa 16:31 RTPV). Ngunit ano nga ba ang kahulugan ng pananampalataya? Paano nga ba makapagdudulot ng kaligtasan ang pagkakaroon ng pananampalataya?

1 Ang pagkakaroon ng pananampalataya ay paniniwala na inako na ni Cristo ang kaparusahan para sa iyong mga kasalanan.

“...*ipinataw ni Yahweh sa kanya ang kaparusahang tayo ang dapat tumanggap*” (Isaias 53:6 RTPV). Nangyari ito halos 2,000 taon na ang nakakalipas, sa krus ng Kalbaryo: “*sa krus, pinasan niya ang bigat ng ating mga kasalanan*” (1 Pedro 2:24 RTPV). Ang kabayaran sa kasalanan ay kamatayan. “*Ang nagkasala ang dapat mamatay*” (Ezekiel 18:20 RTPV). Namatay si Jesus. Kinailangang tanggalin muna ng Diyos ang kasalanan na siyang nagiging hadlang sa pagitan ng tao at ng Diyos bago Siya maaaring makipag-ugnayan sa tao nang may kagandahang-loob. Inaalok Niya ngayon sa iyo ang kaligtasan na hindi kinakailangang bilhin o bayaran.

Ipagpalagay mo na ang kaliwa kong kamay ay ang aking sarili, samantala ang babasahing ito ay kumakatawan sa aking kasalanan at ang aking kanang

kamay naman ay kumakatawan kay Cristo. Ililipat ko ang babasahing ito mula sa aking kaliwang kamay o mula sa aking sarili, at ilalagay ko ito sa aking kanang kamay, kay Cristo. Ganyan ang ginawa ng Diyos. “*Ipinataw ni Yahweh sa kanya ang kaparusahang tayo ang dapat tumanggap*.” Hindi na iniuugnay, itinatala at sinisingil sa iyo ng Diyos ang iyong kasalanan (2 Corinto 5:19-21 RTPV). Ang sinisingil Niya ay si Cristo na. Ipinatong na ito Kay Jesus.

2 Ang pagkakaroon ng pananampalataya ay nangangahulugan ng pagtanggap kay Cristo bilang isang handog.

Walang sinuman ang mag-iisip na bayaran ang isang handog, sapagkat sa oras na bayaran mo ito ay hindi na ito handog. Ang maaari mo lang gawin ay ang tanggapin ito at magsabi ng “Salamat”. Hindi mo kailangang pagtrabahuhan ito. Hindi mo kinakailangang paghirapan ito. Ganoon din ang patungkol kay Cristo. Kinakailangan mo Siyang tanggapin sa ganitong kaparaanan. Sa kung papaano ka naniniwala sa katapatan ng nagbibigay sa iyo ng handog, sa ganitong paraan mo din dapat paniwalaan ang katapatan ng alok ng Diyos at tanggapin ang Kanyang Handog na si Cristo. Ang pananampalataya ay ang simpleng pag-abot ng iyong kamay at pagtanggap. Sa ganitong paraan, nagiging Tagapagligtas mo ang Panginoong Jesu-Cristo.

3 Ang pagkakaroon ng pananampalataya ay nangangahulugan ng pagtanggap kay Cristo bilang isang Panauhin.

“*Nakatayo ako at kumakatok sa pintuan,*” sinasabi

ni Cristo. “*Kung diringgin ninuman ang aking tinig at bubuksan ang pinto, papasok ako sa kanyang tabanan*” (Pahayag 3:20 RTPV). Naghihintay Siya sa labas ng pintuan ng iyong puso. Ngunit hindi Siya papasok nang sapilitan. Kinakailangang pagbuksan mo Siya ng pinto. Kinakailangang anyayahan mo Siyang tumuloy. At sa oras na pagbuksan mo Siya ng pinto, Siya ay papasok. Sa gayon ay tunay mong masasabi na “Nasa puso ko si Jesus”.

Kaibigan, papasukin mo Siya at ipakita sa Kanya ang iyong pagiging magalang. Hindi ko magagawang paghintayin ang isang panauhin sa labas ng aking pintuan. Ikaw, magagawa mo ba ito? Kung gayon, bakit mo nagagawang pag-antayin si Cristo sa labas? Bakit hindi mo Siya anyayahang tumuloy? Sa gayon ay matatanggap mo Siya, ngayon oras din.

4 Ang pagkakaroon ng pananampalataya ay nangangahulugan ng paglapit kay Cristo bilang isang pulubi.

Kung maaalala ninyo, ganyan ang paraan ng paglapit ng Alibughang anak sa kanyang ama (Lucas 15:11-32 RTPV). Wala siyang anumang ari-arian. Ang kanyang salapi ay naubos nang lahat. Dumating siyang busabos. Alam niyang hindi na siya karapat-dapat pang humarap sa kanyang ama. Kung kaya umasa na lamang siya sa habag nito. Lumapit siya nang walang pagkukunwari. Ganoon ka rin dapat. Huwag mo nang antayin na maiayos mo muna ang iyong sarili at ang iyong mga kilos. Huwag mo nang tangkaing pagandahin muna ang iyong buhay. Lumapit ka kung ano ikaw...walang pagkukunwari. Sapagkat ang totoo ay ikaw ay nagkasala sa Kanya.